Republic of the Philippines
Department of Education
Region IV-A CALABARZON
CITY SCHOOLS DIVISION OF ANTIPOLO

**KAGAWARAN NG EDUKASYON SANGAY NG ANTIPOLO**
**ADVISORY NO 110, S. 2018**
**Ayon sa pagpapatupad ng DepEd order No. 8, S. 2013**
**Ang advisory na ito ay hindi pang-eendorso ayon sa DepEd Order 28, S. 2001,**
**at ito ay impormasyon lamang para sa pampubliko at pribadong paaralan**
**August 15, 2018**

## MOTHER AND SON (ANG KWENTO NI NANAY) INDIE-FILM

Ang SMAC TV production sa pakikipagtulungan ng Almighty Tour and Training Development ay maghahandog ng isang pelikula na Indi-Film na pinamagatang: ***Mother and Son (Ang Kuwento ni Nanay)*** ito ay nagbibigay ng pagkakataon para sa paglago ng pagmamahalan sa pamilya sa pamamgitan ng Ina at mga anak.

Sa lahat ng mag interesado ay maaring makipag ugnayan kay Ms. Irene Franco Habijan, Tagapag-ugnay, Almighty Savior Educational Tour and Training Services sa telepono 369-4555, 0927-774-3383 or email address: irenehabijan15@gmail.com

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pribadong paaralan ay dapat naayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa DepEd Order No. 9, S. 2005, na may pamagat na *Instituting Measures to increase Engaged Time-On-Task and Ensuring Compliance Therewith*, no-collection policy na nakasaaad sa DepEd Order No. 12, S. 2012, Section 3 ng Republic Act no. 5546, na may pamagat na *An Act Prohibiting the Sale of Tickets and/or the Collection of Contributions for Whatever Project or Purpose from Students and Teachers of Public and Private Schools, Colleges and Universities (Ganzon Law)* at sa DepEd Order No. 66, S. 2017, Implementing Guidelines on the Conduct of Off-Campus Activities.

*@emr.2018*

ALMIGHTY SAVIOUR EDUCATIONAL
TOUR AND TRAINING SERVICES
151 Oxford Street, Provident Villages, J. Dela Peña, Marikina City
(02) 369 4555 | (63) 927 774 3383 | irenehabijan15@gmail.com

# 5457

ANTIPOLO CITY
AUG 06 2018
OFFICE OF THE SDS

6 Agosto 2018

**SDS DR. ROMMEL C. BAUTISTA**
Antipolo City

Kapayapaan!

Batay sa itinatadhanang Balangkas ng Disiplinang Filipino, ang isa sa dapat malinang sa mga mag-aaral ay ang kasanayan sa Panonood (Viewing) na nagpapaunlad para sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Dahil dito, ang SMAC TV Production sa pakikipagtulungan ng Almighty Tour and Training Development ay naghahandog ng isang pelikula na may kalidad at nagbibigay ng pagkakataon para sa magandang simulain para sa paglago ng pagmamahalan sa pamilya sa pamamagitan ng Ina at mga anak.

Malugod po naming iniaalay sa inyo ang Indi-Film na ito: Mother and Son (Ang Kuwento ni Nanay) na pinangungunahan ng mga bagong artista upang magsilbing panoorin ng inyong mga maga-aral at pagkatapos ay magkaroon ng Pagsusuri gamit ang kalakip na Talatanungan para maging Proyekto ng mga mag-aaral bilang bahagi ng paglinang sa kanilang pagkatuto.

Kalakip din po ng liham na ito ang mga detalye para sa kaganapan ng proyekto na itinadahana ng nasabing gawaing pampaaralan.

Inaasahan po namin na ito ay mabigyan ninyo ng pagkakataon para makuha ng iyong suporta sa proyektong nabanggit.

Gumagalang,

IRENE FRANCO HABIJAN
Tagapag-ugnay

ALMIGHTY SAVIOUR EDUCATIONAL
TOUR AND TRAINING SERVICES
151 Oxford Street, Provident Villages, J. Dela Peña, Marikina City
(02) 369 4555 | (63) 927 774 3383 | irenehabijan15@gmail.com

## Pormat para sa Pagsusuri ng Pelikulang Indi-Film

A. Introduksiyon

(Sa bahaging ito inilalahad ng mga mag-aaral ang nakitang mensahe ng nasabing pelikula sa pamamagitan ng mga pilosopiyang naikintal sa isipan habang pinapanood ang palabas. Bibigyang pansin ang ilang mga haka at silip sa kalalagayang panlipunan at reyalidad upang maiugnay ito sa palabas. Maaaring ito ay binubuo ng 2 – 3 talata.)

B. Pagsusuri ng Indi-Film

I. Ang Pamagat

- Bakit ito ang pamagat? Patunayan.
- Naaayon ba ang pamagat sa takbo ng pelikula? Bakit?
- Literal ba o pilosopikal ang pamagat? Bakit?
- Malinaw ba ang senyas ng pamagat? Patunayan.
- Kaakit-akit ba at may 'K' ba ang pamagat? Patunayan.

(Sagutin ang mga tanong at pagkatapos ay isulat ito ng patalata.)

II. Ang Kuwento

- Ano ang buod ng kuwento? (Tagpuan, Panahon, at Konteksto- Sukdulan at tunggalian, at pagtatapos)
- Ano ang mensahe ng kuwento?
- Malinaw ba at makatotohanan ba ang kuwento? Bakit?
- Ano ang mga hindi malinaw sa kuwento? Bakit?
- Kung ikaw ang tatanungin, papano mo babaguhin ang kuwento o papaano mo ilalahat ang kuwento? Anong 'TWIST' ang gagawin mo sa kuwento?

(Sagutin ang mga tanong at pagkatapos ay isulat ito sa pamamgitan ng 4 – 5 talata. Gamitin ang mga bahagi ng pananalita para magkaroon ng ugnayan ang mga pangungusap at talata)

ALMIGHTY SAVIOUR EDUCATIONAL
TOUR AND TRAINING SERVICES
151 Oxford Street, Provident Villages, J. Dela Peña, Marikina City
(02) 369 4555 | (63) 927 774 3383 | irenehabijan15@gmail.com

III. Ang mga Artista o Nasipagganap

- Mahusay ba ang pagkakaganap ng mga artista? Patunayan.
- May lalim ba ang emosyon at pisikal na aspekto ng mga artista?
- May kakaiba o kaulangan ba sa kanilang pagganaP? Sa alin/anong bahagi?
- Sobra ba o kulang ang pagganap sa bawat eksena? Patunayan.
- Kung ikaw ang artista papaano mo ito ipakikita sa madla?

(Sagutin ang mga tanong at pagkatapos ay isulat ito sa pamamgitan ng 4 – 5 talata. Gamitin ang mga bahagi ng pananalita para magkaroon ng ugnayan ang mga pangungusap at talata.)

IV. Ang mga Implikasyon at Rekomendasyon

- Sa pelikulang napanood, ano-ano ang mga suliranin na iyong nakita hinggil sa mga sumusunod:

  - Relasyon ng mga magkakapatid
  - Relasyon mga Mag-ina
  - Suliranin ng mga magulang sa kanilang mga anak
  - Suliranin ng mga anak sa kanilang mga magulang
  - Kabutihan ng mga anak at magulang sa ugnayang nagaganap
  - Kahirapan at problemang itinakbo ng mga pamilya sa lipunan
  - Solusyong maihahain sa problemang nabanggit mula sa palabas

(Sagutin ang mga tanong at pagkatapos ay isulat ito sa pamamagitan ng 4 – 5 talata. Gamitin ang mga bahagi ng pananalita para magkaroon ng ugnayan ang mga pangungusap at talata.)

V. Pagsulat ng isang pahayag

Sa kabuuan, sumulat ng isang maikling "hugot' o 'pick-up line' na siyang inspirasyon mo mula sa pelikulang pinanood na magsisilbing gabay sa iyong buhay.

SMAC TELEVISION PRODUCTION
#73 Francesca Tower Scout Borromeo
Corner Edsa Quezon City, Philippines
(02) 966-85-42

I, **Mr. Enrico Jamora**, as the **Production Head** of SMAC Television Production, hereby certify that **Ms. Irene F. Habijan,** the **Chief Executive Officer of "Almighty Savior Educational Tour & Training Services"** is authorized to market the independent film entitled **"Mother & Son"** produced by SMAC **Television Production,** featuring **Justin Lee, Jestin Manalo & Perla Bautista.**

Hoping your kind consideration. With warm regards and thanks.

IN WITNESS WHEREOF, I hereunto affix my signature this **16th** day of **July 2018** at **#73 Francesca Tower, Scout Borromeo, Corner EDSA, Quezon City.**

ENRICO B. JAMORA
Production Head
SMAC Television Production

Office of the President of the Philippines
MOVIE AND TELEVISION REVIEW
AND CLASSIFICATION BOARD
MTRCB Bldg., No. 20 Timog Avenue, Quezon City
Telephone No. 372-0380 Fax No. 372-0371

MTRCB

Permit Number: P-MP-2016-962
Date of Issuance: 04 May 2016
Date of Expiration: 04 May 2021
Application Number: MP-1605-10494

# PERMIT FOR THEATRICAL EXHIBITION

# "MOTHER AND SON (ANG KWENTO NI NANAY)" - INDIE FILM

For Classification

Suitable for all ages.

terial fit for mother's day, a family drama about survival and eventually achieving success after much hardship.




JUSTIN LEE, JEKOY MANALO

Running Time: 1HR. 30 MINS.

Producer: SMAC TELEVISION PRODUCTION

Country: Philippines

New Committee Members:
TEZA, ELIZABETH ROSE
PNET, MA. LOURDES LILIA E.
LLAVICENCIO, RAQUEL N.

ISSUED UPON THE APPROVAL
OF THE REVIEW COMMITTEE

MTRCB
CERTIFIED TRUE COPY
GLORIA J. BISMANOS
DIC/REGISTRATION DIVISION

EUGENIO H. VILLAREAL
Chairperson

Prepared by: Felizardo Tonoy

Note: Film covered by this permit must only be shown in theaters duly registered and/or other venues authorized by the MTRCB.
Any violation of the conditions imposed under this permit will result in its automatic cancellation.

ORIGINAL

Office of the President of the Philippines
MOVIE AND TELEVISION REVIEW
AND CLASSIFICATION BOARD
MTRCB Bldg. No. 18 Timog Avenue, Quezon City
Telephone No. 3767380 | Fax No. 3767379

Permit Number : [illegible]

Date of Issuance :May 04, 2016

# PERMIT TO EXHIBIT

NON-VIDEO PUBLICITY MATERIAL

G

GENERAL AUDIENCE

This certifies that upon application of SMAC TELEVISION PRODUCTION, the MTRCB has reviewed and classified the following publicity material:

Title of Movie/ TV Program/ OMB Material:

MOTHER AND SON (ANG KWENTO NI NANAY)

Title of Publicity Material/ Serial No.:

1

Type of Publicity Material:

LAYOUT

Approved Material:

Review Committee Members:

ANDREWS, ROBERT R.

ARNATE SR., BENEDICTO H.

ISSUED UPON THE APPROVAL OF THE REVIEW COMMITTEE

EUGENIO H. VILLAREAL
Chairperson

Prepared By: Armando Villas

70.00

# Mother & Son

## SYNOPSIS

**Starring: Justin Lee, Jestin Manalo & Perla Bautista**
**Directed vy: Chrysler Malinay**
**Producer: SMAC Television Production**

Sa isang simpleng bulubundukin sa probinsiya nakatira ang mag-iinang sina LEMUEL (Nakakatandang kapatid na nasa 21 ang edad),LAURENCE (bunsong anak na nasa 18 taong gulang) at si NANAY SALVE (nasa 40-50 taong gulang). Mga bata pa lamang sina Lemuel at Laurence ng mawalan ng ama dahil sa atake sa puso na labis na ikinasubsob ng pamilya sa kahirapan kaya naman naisanla nila ang malawak na lupain na minana pa ng kanilang ama sa Lolo at Lola nila para sana maisalba ang kanilang ama subalit binawian pa rin ito ng buhay. *Ganunpaman, nanatiling matatag ang mag-iina dahil na rin sa tulong* at pagpapalakas ng Loob ng kanilang Ina na si Nanay salve. Sinikap ni Nanay Salve na itaguyod ang magkapatid, pinag-aaral niya ang dalawa dahil ito nalang ang nakikita niyang pag-asa para mabawi ang lupain at maiahion sila sa kahirapan, maging maipagamot si Laurence dahil ayaw lumala ng lumala ang sakit nitong Leukemia, bata pa kase ito halos ikadurug ng Ina kapag nakikitang inaatake ng sakit ng ulo ang anak, kaya bilang nanay lahat ng gusto nito ay sinisikap niyang maibigay na minsay napapabayaan niya na si Lemuel dahil alam niyan naman na mas kailangan ng atensiyon ni laurence dahil nga sa kalagayan nito. umabot sa puntong halos ikamatay ni Aleng Salve nung mag-away ang Dalawang anak dahil sa ingit ni Lemuel kay Laurence., inilihim kase ni Aleng Salve ang kalagayan ni Laurence kay Lemuel. sa malalang away na yun, lumabas ang katotohan sa sakit ni Laurence na siya namang ikinagulat ni Lemuel, hindi niya mapagtanto na ang kapatid na kinaiingitan niya ay may laning narin pala ang buhay. Gayunpaman, mas pinili ng mag-anak na maging positibo s alahat ng hamon ng buhay. Tumigil sa pag-aaral si Lemuel para tulungan ang ina sa pagtitinda ng mga gulay at para matutukan na mapag-aral si Laurence. Binigay nila lahat ng masasayang araw, at mga sandali na alam nilang labis na ikatutuwa ni laurence. Subalit lingid sa kaalaman ng lahat, may itinatago ring lihim si Nanay Salve ito ay ang sakit niyang Tubercolusis na kalaunay kumitil sa kanyang buhay dahil mas inuuna niya ang pangangailangan ng dalawang anak kesa sa sariling gamot. Labis ang pag-hihinagpis ng dalawang magkapatid dahil nawalan sila ng ama sa murang edad at ngayon naman nanay na halos yun na ang naging buhay nila. Ang bigat ng pasaning naiwan kay Lemuel, ang mabawi ang kanilang lupain, maipagamot ang kapatid atg magkaroon ng trabaho para matustusan ang pag-aaral ng kapatid. Diyos lamang ang kinapitan ng magkapatid at tamang gabay na itinuro sa kanila ng kanilang mga magulang lalong lalo na ni Nanay Salve. Dumarating sa puntong kahit anong trabaho bastat kaya at marangal ay pinasok na ni Lumuel subalit sa kabila ng lahat nandon ang pangambang baka iwanan narin siya ng kapatid dahil alam niyang may taning narin buhay nito. Subalit bagkos na isipin, mas minabuti niyang

manalig sa diyos at maging matibay sa lahat ng pagdadaanan.kapag tinitingnan niya ang buong lupain at naaalala niya ang mga usapan nilang mag-iina noon na patatayuan nila ito ng napakaraming bahay at napakaraming tao ang matutulungan kasama na ang ina na bibigyan nila ng napakalaking bahay at hindi na ito magtatrabaho. Sariwa sa kanya ang ala-ala ng lahat. Lumipas a ng panahon nakapagtapos ng Pag-aaral si Laurence sa tulong narin ni Lemuel, subalit isang dagok na naman ang kanilang pinagdaanan ng palayasin sila ng nasanlaan ng lupa dahil sa ilang taon narin silang hindi nagbabayad. Nanirahan sila kahit saan saan para lamang mabuhay, at tila mahal sila ng diyos dahil nakakahanap sila ng mababait na nauupahan at ang dalawang taong (2years) taning na buhay kay Laurence ay halos Anim na taon na siyang nakaka survive, dumadaan sa matinding sakit minsan ang kanyang ulo subalit yayakapin lang siya ni Lemuel habang nananalangin ng hail mary at milagro namang nalalagpasan niya ito. Ang anim na taon ay nadagdagan pa ng sampung taon para manatiling buhay si Laurence na labis na ikinatuwa naman ni Lemuel. Dahil sa tiyaga at pag-hihirap. hindi man nakapag-aral si Lemuel si Laurence naman ang kanyang naging guro sa lahat, sinikap ni Laurence na mapagtapos ang kapatid na si Lemuel at nakamit niya naman ito. Naging matagumpay sa negosyo si Laurence bilang ahente ng mga Condo, Bahay at Lupain, dahilan para mabawi ang kanilang lupain at tuparin ang pangarap nilang mag-iina noon na gagawin nila itong village kasama ang kanilang malaking bahay. subalit unti unti ng lumalala ang sakit ni laurence, kaya naman sa araw ng graduation ni Lemuel ay dito narin binawian ng buhay si Laurence na yakap yakap ng kapatid na si Lemuel habang naka toga ito at nakahawak sa wellchair na nakatitig sa napakaraming bahay na ngayon ay nakatayo sa kanilang napakalaking lupain.